Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-9 NG DISYEMBRE, 1998, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 175-T'98

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HILINGIN SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR., KGG. PANG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA LAZARO AT SA KGG. SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NA MAILIPAT ANG PEDRO GUEVARA MEMORIAL NATIONAL HIGH SCHOOL (PGMNHS) SA NEW SAN LUIS RECREATIONAL, EDUCATIONAL, CULTURAL AND SPORTS CENTER, BUBUKAL, SANTA CRUZ, LAGUNA SA KAPAKANANG PANGKALINGAN NG NATURANG PAARALAN AT PANGKABUTIHAN NG MGA MAG-AARAL.

SAPAGKA'T, ang lumalaking populasyon o bilang ng mga mag-aaral ng PGMNHS ay hindi na makayanan ng kakaunting mga gusali at ng maliit na lupang nasasakupan nito;

SAPAGKA'T, ang malaking bilang ng mga mag-aaral ng PGMNHS ay nagdudulot ng napakalaking problema sa trapiko na silbing hadlang sa mabilis na pag-unlad ng bayan;

SAPAGKA'T, ang kalapitan ng paaralang PGMNHS sa mga sinehan, bilyaran, mga pook inuman, mga palaruan ng "video games" at iba pa ay nagdudulot ng hindi magandang mga kaugalian ng mga mag-aaral tulad ng mga pag-bubulakbol o pagliban sa klase dahil sa pag-inom o pagkagumon sa ipinagbabawal na gamot;

SAPAGKA'T, ang mga gusali at kapaligiran ng PGMNHS ay hindi na kaiga-igayang lugar para sa lalong mahusay na pag-aaral ng mga kabataan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN : Na hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Pang. Punong Lalawigan Teresita Lazaro at sa Kgg. Sangguniang Panlalawigan na mailipat ang Pedro Guevara Memorial National High School (PGMNHS) sa New San Luis Recreational, Educational, Cultural and Sports Center. Ang New San Luis RECS Complex ay itinuturing na pinakamagaling na lugar para sa lalong pag-unlad ng paaralan, ng mga mag-aaral at ng mga guro dahil sa maginhawa at malawak na kapaligiran. Kaiga-igaya para sa pag-aaral dahil sa tahimik at ang 19 na ektaryang lupa ay sumasapat sa paglaki ng bilang ng mga mag l a loob ng mahabang panahon.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Pang. Punong Lalawigan Teresita Lazaro, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pedro Guevara Memorial National High School, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA